Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG DISYEMBRE 12, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 297-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 4 NG BARANGAY SAN JUAN NA NAGKAKAHALAGA NG APATNAPUNG LIBONG PISO (P40,000.00) MULA SA BALANSENG WALANG PINAGLALAANAN (ADDITIONAL IRA ENERO HANGGANG AGOSTO 2011) (P10,628.00); NAIWANG HONORARIA NG KALIHIM (ENERO – PEBRERO) (P9,000.00); EXCESS ANNUAL LEAVE CREDIT (P7,434.26) AT BALANSENG WALANG PINAGLALAANAN (ADDITIONAL IRA - SETYEMBRE - DISYEMBRE 2011) (P12,973.74) UPANG ILAAN PARA SA CASH GIFT NG NABANGGIT NA SANGGUNIANG BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 4 ng Sangguniang Barangay ng San Juan sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 74-T2011 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 06-T2011 na nagpapatibay ng halagang P40,000.00 mula sa Balanseng walang pinaglalaanan (Addt'l IRA Enero – Agosto 2011) (P10,628.00); Naiwang Honoraria ng Kalihim (Enero – Pebrero (P9,000.00); Excess Annual Leave Credit (P7,434.26); Balanseng walang Pinaglalaanan (Addt'l IRA Setyembre-Disyembre 2011) (P12,973.74) upang ilaan sa mga programang nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw at Rolando Moises E.Acapulco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 4 ng Barangay San Juan na nagkakahalaga ng P40,000.00 (P33,541.55) mula sa Balanseng walang pinaglalaanan (Addt'l IRA Enero – Agosto 2011) (P10,628.00); Naiwang Honoraria ng Kalihim (Enero – Pebrero (P9,000.00); Excess Annual Leave Credit (P7,434.26); Balanseng walang Pinaglalaanan (Addt'l IRA Setyembre-Disyembre 2011) (P12,973.74) upang ilaan sa Cash Gift ng nabanggit na Sanguniang Barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 12, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan